

Presidential Communications Operations Office
Presidential News Desk

TALK TO THE PEOPLE OF PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE (PART II)

[Aired on 18 January 2022]

PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE: The next is General Centino, Chief of Staff of the Armed Forces of the Philippines. *[Sir, I cannot hear you.]*

AFP CHIEF OF STAFF ANDRES CENTINO: Mr. President, sir ---

PRESIDENT DUTERTE: Ah ayan, okay.

AFP CHIEF CENTINO: --- Senator Go; Executive Secretary Medialdea; Cabinet members; fellow government workers; good evening to everyone, maayong gabii sa tanan.

This evening I will be presenting the updates of the HADR or the Humanitarian Assistance and Disaster Relief Operations currently done by the Armed Forces --- your Armed Forces of the Philippines in typhoon-affected areas and my presentation will follow this sequence.

On the resources deployed, the --- *[next slide please, next slide]* --- the AFP has already deployed a total of 9,079 personnel in the five regions affected by the typhoon in the areas covered by Visayas Command, Eastern Mindanao Command, and Western Command of the AFP. Our personnel were immediately deployed in order to help in the prevention, mitigation, and response operations before, during and after the typhoon.

We have --- aside from the personnel deployed --- we have also deployed about 28 Philippine Navy assets already, and 30 Philippine Air Force assets, and 769 land assets to provide assistance in the delivery and transport of relief goods, supplies, equipment and personnel in these affected areas.

On the summary of our transport missions, since --- *[next slide please]* --- since we started our HADR Operations, we have already used our air and sea assets to deliver a total of 522,675 kilos of supplies by air and about 4.1 million kilos of supplies and cargoes in 97 sorties by sea.

Likewise, a total of 4.8 million kilos of relief goods were transported by land using our *[next slide please]* 769 trucks and vehicles on land. *[next slide]*

We have also utilized our assets in the transport of 1,000 --- *[next slide]* we have also utilized our assets in the transport of 1,514 stranded individuals by sea and 667 individuals by air.

Also we have support from our stakeholders. The Philippine Air Force was able to tap the services of its affiliated reserve units like Air Asia and Philippine Airlines to help us in the transport of a total of 17,000 kilos of cargoes. Likewise, the Philippine Navy also tapped its affiliated reserve units. The sea vessel Gladiolus also helped out in the transport of a total of 277,000 kilos of cargoes. Likewise, the partnership of the AFP with some shipping lines facilitated the transport of relief goods to affected areas.

[Next slide.]

The AFP also activated the CMCC or the Civil-Military Coordination Center. This is a facility activated during crisis and emergency situation, which coordinates with government agencies, non-government organizations, and even international humanitarian communities to ensure the delivery of donated goods.

As a result of the establishment of this Civil-Military Coordination Center, *[next slide please]* we were able to facilitate receiving over 8 million kilos of relief goods from 460 donors.

[Next slide.]

During our HADR Operations, we would also like to report, Mr. President, sir, that we were able to put into use our newly acquired assets. The Philippine Navy frigate BRP Jose Rizal acquired last year was shifted from security operations to humanitarian missions to assist in the delivery of relief goods to Palawan. They have already performed two sorties and facilitated the transport of 78,000 kilos of relief goods.

Also, the newly acquired Philippine Air Force Black Hawk helicopters acquired last year were used during the initial rapid damage assessments, in the rescue of typhoon victims, and the transport of personnel and the delivery of relief goods in over 249 sorties.

[Next slide.]

Also, the newly acquired Philippine Army KM250 trucks we have procured from South Korea were also to Leyte and Surigao to transport 144,000 kilos of relief goods. Moreover, the newly acquired Philippine Army engineering equipment such as graders, the dozers and backhoes were also deployed in areas in Bohol to support the conduct of road clearing operations in these areas.

For our other HADR Operations, *[next slide]* the AFP also deployed the mobile kitchen and so far it has provided food to about 24,000 beneficiaries in Cebu City. This facility is a truck which has --- which can prepare meals for over a thousand persons every meal.

[Next slide.]

We also deployed carpentry teams in areas affected by the typhoon to repair damaged houses. The BRP Ang Pangulo was also converted as a floating hospital complete with medical teams, personnel to Siargao Island to provide medical assistance. And so far, over 1,600 patients have been provided with the medical service.

[Next slide.]

We also deployed a contingent of Philippine Marines to Cebu City. And as of today, they are still continuing their support to Visayas Command in the hauling of --- and the transport of relief goods.

[Next slide.]

The Army engineers were also deployed to provide engineering support in the clearing of debris and the clearing of roads immediately after the onslaught of the typhoon. And even until today, they are still in the area providing engineering support. We also deployed our signal personnel to provide communications support. Nagbigay po tayo ng free Internet connectivity and cellphone charging to the public in areas where there are still no electricity. And the AFP also deployed medical teams to provide immediate medical assistance to those affected by the typhoon.

[Next.]

The AFP was also able to provide mobile water tanks para magkaroon po tayo ng potable water to those still not able to get their drinking water.

[Next slide.] The AFP also facilitated the transport of equipment and supplies of utility companies for them to restore the electricity and communication requirements of affected areas.

Likewise, we were able to provide for transportation assistance to other government agencies like the medical teams of the DOH, the communication teams of DICT, and the construction teams of TESDA.

[Next.]

Further, we also provided transportation support to DILG, DSWD, and DND officials to ensure the efficient distribution of financial and other assistance to those affected by the typhoon.

Sir, we would like to report also that the --- our units also suffered damages during the typhoon and these are the areas in Surigao del Norte. We have the brigade

headquarters of the 901st Brigade, 30th Infantry Battalion, the 36th Infantry Battalion, and 29th Infantry Battalion. These are the areas in CARAGA region.

And on the slide also shown is the damaged littoral monitoring station we have in Surigao City, where some equipment were also damaged.

These pictures shown here are the Philippine Air Force hangars in Mactan and Palawan badly hit by the typhoon.

[Next slide.]

And some of the assets and equipment that were also damaged during the typhoon. We have one Bell 412, one C295, and one C130 natamaan ng --- when the hangars collapsed.

For our way ahead, sir, the AFP will continue to assist in the distribution of financial assistance to affected communities in coordination with DILG, DSWD, and the PNP.

We will also be continuing our efforts to transport food and non-food items, supplies, medicines and essential equipment, utilizing our available assets. We will also be continuing the repair of damaged equipment and facilities and in coordination with the OCD, we'll be preparing for the transition to recovery and rehabilitation phase. We will also be continuing our assistance to the Office of Civil Defense in the distribution of potable and bottled water to areas stricken by diarrhea.

And, of course, aside from the HADR efforts that we are doing, we will be continuing our coordination with the Philippine National Police and the COMELEC in preparations for the coming elections.

[Next slide.]

While we have increased the deployment of our personnel in typhoon-affected areas, we would like to assure the President, sir, that we still have sufficient forces deployed in other parts of the country to perform the mandate of the AFP, which is to secure our communities from insurgents and terrorists.

In fact, just recently, our operations resulted to the neutralization of Menandro Villanueva aka "Bok." He is the longest- serving --- he was the longest-serving secretary of the Southern Mindanao Regional Committee and the commander of National Operations Command of the CPP-NPA.

We also would like to report that Norodin Hassan --- he is the head of the DI Hassan Group responsible for the bus bombing in Aleosan, Cotabato --- he was also neutralized four days after the incident.

And we also have --- still, we'd like to report also, sir, that we have sufficient forces to be deployed in checkpoints in coordination with the COMELEC and the PNP.

[Next slide.]

Sir, that ends our presentation. Daghang salamat, maayong gabii, sir.

PRESIDENT DUTERTE: General, I was on the ground about two days after the typhoon or was it the day after? Nakita ko 'yung mga sundalo at 'yung mga --- 'yung Philippine Navy and Air Force, all of them participating in the relief operations and the --- helping the people move about, those with no house because their houses were really destroyed.

And I would like to reiterate that in behalf of the people of the Philippines, I would like to commend and salute the AFP for their --- for their toil. It was really not --- it was a toil to be there helping everybody. So with the added feather in the cap of neutralizing the communist leaders. For the longest time 'yung si ano was the KOMMID... The Mindanao is the ano, 'yung overall umbrella ng NPA. What the AFP achieved was to --- they neutralized --- he was the longest time the leader, and the operations of the NPA in Mindanao.

So salamat sa --- for all of these achievements so far that you have gathered throughout the... It's a never-ending job for you hanggang ngayon, but nagpapasalamat ang tao at ako mismo nagpapasalamat rin. Keep up the good work and you have my snappy salute also.

Salamat, sir.

AFP CHIEF CENTINO: Salamat pud, sir.

PRESIDENT DUTERTE: Iyong... Bisaya pud ka no, sir? (You are Bisaya as well?)

AFP CHIEF CENTINO: Yes, sir.

PRESIDENT DUTERTE: Iyong "pud" (too) naggamit ka ma'g "pud." Salamat "pud", sir. (You used the term "pud." Thank you, too, sir.)

Ang Ilocano puwede rin 'no. I can guess by the use of the dialect but... Taga-saan ka sir, if I may ask?

AFP CHIEF CENTINO: From Cebu, sir.

PRESIDENT DUTERTE: Well, that's a... Alam mo sa totoo lang --- walang ano ito ha, plain talk lang, ako factual --- alam mo ang sundalo sa Pilipinas is Ilocano pati Ilonggo. They comprise 'yung tribe na ano. Wala ang --- bihira, sir, ang Bisaya kagaya mo. Wala ako masyadong nakitang sundalo na Bisaya. Siguro sabi nila tapos

na 'yung trabaho namin ng --- kay Lapu-Lapu, tama na 'yun. Ibigay mo na sa mga Ilonggo, sa Ilocano.

Sila 'yung ano natin, totoo. Magpapasalamat tayo sa mga Ilocano na mga sundalo pati Ilonggo. They bear the brunt of --- the burden of fighting the enemies of the state, totoo 'yan. Maraming sundalo Ilocano at...

Kaya naman karamihan ng mga generals halos 'yung member ng Cabinet ko, a good number of them are Ilocanos. Magtaka ka... Sila --- like General Lorenzana, DND. Sundalo man 'yan siya at valedictorian pa. Sabi ni Pastor Quiboloy at sa bunganga talaga niya, pinagmamalaki ni Pastor 'yan eh na --- naging classmate ko 'yan eh. Maraming Ilocano na Ilocano-speaking ang North Cotabato, 'yang Sultan Kudarat pati --- puro Ilocano 'yan. Basta noon simply North Cotabato, Ilocano 'yan. Pagdating mo sa boundary diyan sa ano, M'lang, puro Ilonggo na naman 'yan. Iyon ang mga settlers noong unang panahon.

Ang mga Bisaya diyan sa Davao region, Davao City. Pero ang ano, maski saan ka, mag-Tagalog ka okay lang, maiintindihan ka sa lahat pati 'yung mga Moro marunong mag-Tagalog 'yan. Hirap sa Bisaya 'yan pero magkatabi sila ha, pero mag-Tagalog ka, okay 'yan, maiintindihan ka.

Nakikita mo diyan sa ano mga sundalo. Hindi naman sa pang-ano. Sinasabi ko sa inyo kung bakit sabi na "*Si Duterte, ano 'yung inuna 'yung --- inuna 'yung mga sundalo.*" Makita mo naman ang trabaho ng sundalo. Trabaho ba ng sundalo 'yang ano 'yan kinakarga o what is that picture? What is --- who is that guy portrayed in the picture? Medyo... Nire-rescue siguro.

Ang ano, ang utility itong --- utility worker itong mga sundalo. Iyan bagyo, baha, sunog, landslide, away, kanila 'yan. Kung wala ka mang ma-mobilize ng mga ganitong biglaan na there's a --- there are a lot of people to be assisted, sundalo lang talaga 'yan ang matawag mo na para tumulong na hindi magsabi "*hindi*". Iyong ibang --- iyong iba mag-ano, "*Ah kapoy 'yan. Hindi namin trabaho 'yan.*" Sundalo pat --- pulis to a certain extent, pero may mas ano. Itong pulis medyo kailangan ano depende sa --- depende sa CO nila, 'yung kanilang superior.

'Pag mag-strikto 'yung ano 'yung superior or the commanding general or the station commander, lalo na sa taas. 'Pag 'yung nasa taas sa pulis malinis, sigurado mo pababa 'yan malinis. But if the head happens to be a corrupt officer, down below, corruption malakas.

Alam ba ninyo kung bakit? Hindi ko inaano 'yung pulis. Hindi kasi kasing --- well, I do not want to --- baka sabihin nagpapabor ako. But the --- pero kulang talaga ng discipline itong pulis kasi they are --- sila 'yung may police power eh. Nauna na mag-arrest, magganoon. So maraming trabaho na sometimes we can be the source of --- or always corruption. Mga gambling, mga basta may illegal. Malapit ang pulis diyan.

Pero 'pag ang --- sabihin mo ang head ng PNP hindi corrupt, down the line, hindi 'yan, mag-iwas 'yan. Pero ganunpaman, may mga... But overall, actually, ang pulis I am satisfied. Magtatapos na ako ng term ko for the so many years that I have been there Commander-in-Chief, okay ang performance except for a few. There would always be bad eggs basta an organization na ganoon kalawak, mayroon talagang scalawags.

Initially, iyong sila Acierto na nagtatago, naghihintay na lang 'yan na mawala ako sa puwesto. Ako naman sinasabi ko sa kanila, sige, magharap tayo. Galit man kaya kayo sa akin? Hintayin ninyo ako na hindi na ako Presidente at anytime, wala akong problema. Name your game and maglaro tayo. Iyan lang rin ang ano ko. Hindi naman ako matakot sabihin mo kayo mawala na sa puwesto.

Ako kung ano 'yung paninindigan ko, iyon na 'yun. Hindi 'yun mag-ano. Kaya ako nag-Presidente because I wanted at the time my country freed from itong mga ganito. So hindi naman ako nag-ano, nagkulang siguro.

But overall, ang performance lalo ng Armed Forces pati ang pulis with a few exceptions kasi mahirap mag-ano --- mag-ano talaga sa... In every community, maghanap ka, nandiyan talaga 'yung corruption sa pulis. That is why hindi naman lahat, pero that's the reason why I said itong PNP was corrupt to the core.

So sabi ko nga eh itong droga, sabi ko in six months' time, kasi sa Davao nilinis ko six months' time. Pagdating ko sa Maynila, ang kalaban ko anim na generals nasa droga. Susmaryosep. Akala ko ang kalaban ko mga durugista, 'yung mga lahat kriminal. Mamili ka. Hindi ko alam na ang kalaban ko mismo ang gobyerno ko. Customs, lahat.

Ayan, kaya ko pinalitan. Kaya kung magalit naman kayo nag-iintriga but kagaya ko... Iyan si Guerrero sa Army 'yan, sundalo 'yan, okay ang performance. Lorenzana, Galvez, Año. Wala ka talaga --- kay karamihan sa Cabinet --- kalahati ng Cabinet members ko sundalo.

Tingnan mo ang Boracay, kung ibang --- ilang presidente na ang dumaan dito? Kung hindi ko sinabihan si Roy Cimatú sa DENR, general rin 'yan, pati si General Año. Kasi somebody has to deal with the itong mga local officials na who were opposing or resisting the changes that they would like to do. Pero sabi ko sundalo ko 'yang dala ko, puro --- pero retired. Alam ko kaya nila.

Sige, o kita mo Boracay eh 'di malinis na. Hindi na nga ako naka --- hindi ako nakapunta diyan. Hindi ako nakaligo. Pero marami bang magaganda doon? Ah maligo na ako pagkatapos ko. Huwag ngayon kasi marami silang sabihin eh. Maraming intriga. Tapos 'yung ang hindi...

A singular feat, a feat that --- F - E - A - T --- a feat that was done itong dolomite park ni Cimat. Alam ko kayong mga Cabinet members, do you remember sinabi ko in a Cabinet meeting, in a Cabinet meeting, I'm letting you in. Nandoon si itong mabaho sa likod ng Grandstand.

Sinabi ko kay General Cimat, "Roy..." Kilala ko 'yan kasi naano 'yan sila sa Mindanao eh. I... Lahat 'yan sila dumaan ng Mindanao kaya kilala ko. Sabi ko, "Roy, *kaya mo ba na linisin ang Manila?*" Sabi niya "Kung 'yan ang utos mo, sir, gawin ko."

O, marami sila ngayon. Maski sabihin nila dolomite lang 'yan, at least it's clean, people can go there having a fresh breathe from the itong mga exhaust fumes sa sasakyan. It's terrible but people can do whatever --- maski hangin na lang ang makuha nila na malinis na hangin.

Iyon ang ano ko. Iyan ang history ng... Basta may gusto kang madalian. Kagaya nitong COVID noong pumutok, so we formed a task force. But ini-stress ko na si Galvez lang the only one who can procure kasi hindi naman sa --- hindi naman sa in fairness to --- kay department, I really wanted a one line para sigurado at walang corruption. So I chose Charlie --- Charlie Galvez.

O, kita mo ngayon. Ewan ko lang kung pinadala ko sa iba 'yan ba... Kaya ako dapat isang tao lang eh, ako isang tao lang basta kilala ko.

I am praising the military because they deserve it. I am praising the police, with a few exception, sana naman 'yung exception hindi matabla doon sa karamihan naiwan. Pagka malinis 'yung CO nila diyan, malinis 'yan. 'Pag ang CO magsabi, "*walang mag...*", wala.

Ako, noong mayor ako, "*walang checkpoint, alisin mo 'yan. Dito alisin mo.*" Then sabi --- second is, "*I do not want police --- policemen to be seen in public drinking whether you are in uniform or in civilian clothes.*" Do not drink outside. Do it sa bahay ninyo. Para 'pag malasing kayo, kayo na lang ang magbarilan, hindi na 'yung sibilyan.

Ganoon 'yan eh. Ang tao 'pag matorpe ang utak dahil sa alcohol, ah mahirap 'yan. Kaya ipinagbawal ko 'yan. Ito namang maskara, sabi ko sa mga pulis, "*Ayaw kitang gustong makita magsugal.*" So hirap sila, 'yung mga sugarol talaga.

Kaya if there is somebody na gus --- ayaw nilang matapos itong COVID? Gusto nila ma --- patagalan for the longest time, gusto nila 'yan? Kay ang mga buang magmaskara, o mag-cap lang, cap na --- tapos magmaskara nito, tapos magbili ng -- - 'yung pinagbibili sa sidewalk na murang ano, shades. Mag-shades lang, mag-cap pati mag-maskara, papasok sa sabungan, hindi mo makita. Eh hindi naman ako pumapasok ng sabungan.

Pero ang pulis happy sa COVID, may cover sila, may cover. Iyan --- 'yan ang totoo diyan, 'yung mga scalawags. Pero at least medyo ngayon disiplinado sila, hindi man -

-- walang ano 'yung pulis na abusado na magbubugbog, 'pag malasing magpaputok, magbaril ganoon, wala 'yan.

Kasi sigurado 'pag pinaputok 'yang Armalite mo, puntahan kita, ipalo ko 'yan sa ulo mo. Ilang beses ganoon eh, bago pa ako may --- *"Prrrt."* *"T*** i**,"* sabi ko, *"ano 'yun?"* New Year. Sabi ko, tinawagan ko ang pulis, sabi ko, *"Saan 'yung putok?"* *"Ah dito lang malapit sa barracks, sir, sa trading."* *"Sino ang nagpaputok?"* Ang tanong ko diyan, *"Ah pulis, sir, nag --- birthday niya, nagpa-ano lang, magpasingaw ng..."*

Sabi ko, *"O, sige."* Pinuntahan ko, pinuntahan ko talaga sa bahay niya. Sabi ko, *"Sino --- ikaw ang nagpaputok?"* *"Yes, sir. Birthday ko, sir."* *"Saan 'yung Armalite mo?"* Iyan ang hinampas ko sa ulo niya. Sinabi na eh. Kaya simula noon nawala 'yang 'pag malasing, magputok-putok. Tahimik na.

Ganoon. It's not nice, it could even be illegal. But ang --- 'yung fabric ng society natin talaga, may mga tao na --- itong may maraming mga Pilipino na sinasabi ng "huwag", gagawin pa rin. Iyon ang --- ano ba ang recent na sinabi kong, *"Huwag, huwag mong gawin. Huwag ninyong gawin,"* tapos ginagawa pa rin?

Kaya lang naman kung hindi dahil sa pamilya, maawa ako. Iyong pamilya naman ng pulis na binubugbog 'yung asawa, *"Mayor, nalasing, hindi na nagbibigay ng sustento, 'yung suweldo niya doon sa kabit, minsan diyan sa sugalan."* Umiiyak kasi bugbog ang mukha, pasa dito, pasa doon.

Sabi ko, *"Tawagin mo nga 'yang pulis."* Pagdating ng pulis sabi ko, *"Anong ginawa sa iyo?"* *"Dito, Mayor."* *"Dito banda?"* Sinipa ko, mmmm. *T*** i*** ka. *"Tapos ano pa?"* *"Tinadyakan ako dito, Mayor, ayan o."* *"P***** i****,* pulis. Mmmm. Tapos naganahan ako, pinaspasan ko na, mmmm, mmmm, mmmm. Tapos 'yung, *"Mayor! Mayor!"* *"O, bakit? Huwag naman, baka mamatay."* *"O, sabi mo kanina gusto mong patayin 'yang asawa mo, eh 'di ngayon pipigil ka."*

Kaya sabi ko 'yung basta sino 'yung mga asawa na pulis sa Davao na hindi nagbibigay ng suweldo, tawag ko talaga 'yan. *"Anong gusto mo? Sulatan ko ang ano, isuspinde kita o mag-behave ka?"* Ganoon 'yan.

Eh ngayon mataas na suweldo nin --- ng pulis, lahat, pati military. Alam ko kulang na kulang talaga ang suweldo. Kasi nga matagal akong mayor eh, kaya 'yun ang inuna ko, kasi minsan magsabi, maghihingi --- may magre-report, maghingi, *"Sir, kulang talaga, sir."* Kasi... *"Ilang anak mo?"* *"Apat, sir."* 'Susmaryosep. Kaya pala, tapos sabayan mo pa ng sabong.

Hindi mo mapagsabihan eh, 'yung --- minsan there are rules made to be followed, and yet they --- some people just continue. Eh kayang --- I'm talking about government, tayo, mga tao natin, o minsan pati civilian. Kaya hindi mo madala nang -- ah imbestigar-imbestigar lang.

Iyong mga ganoon, makita mo naman kung anong ginawa sa asawa, patikimin mo ng --- magtikim ka rin sa k***** mo. Ganoon ang history ng... Pero 'pag landslide, ang unang tinatawag pulis. Walang tulog 'yan, pati army, 'yung the nearest --- the nearest detachment of ano, iyan tinatawag kaagad. Iyan ang trabaho nila.

Kaya pagka --- if they are performing, love the police. Huwag ninyong... Military? Hindi man 'yan utang na loob kasi trabaho nila. Maski sabihin mo huwag magtrabaho, magtrabaho 'yan.

So ako, as I said, in behalf of the Filipino people, I would like to commend and salute the Armed Forces for their tireless toil during times of need, time of crisis, and a time to help your fellowmen. Iyan ang ating --- sa totoo lang.

Still, that's the Philippine experience sa ating pulis pati military. I don't know other --- about the other countries what they do, but 'yung first responders talaga is not the first responder. Iyong totoong responder --- pero ang una doong mag-respond on the ground immediately 'yung pulis, 'yung precinct commander, station commander, sila 'yung mauna.

Hindi naman 'yan --- kaya 'pag sinabi, "*tulong kayo*", tulong 'yan. So 'yan ang --- napahaba ang istorya ko kasi 'yung lahat dito wala na puro no presentation, si Delfin wala, si Dizon wala...

DND SECRETARY DELFIN LORENZANA: Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Sino?

SEC. LORENZANA: Ako po, si SND.

PRESIDENT DUTERTE: Mayroon? There...

SEC. LORENZANA: Kaunti lang, Mayor, update lang doon sa utos doon.

PRESIDENT DUTERTE: Sorry ha, wala ka dito sa --- wala ka dito sa... Nandito, no presentation. Go ahead, we would be happy to hear you. Sige, sir, Del.

SEC. LORENZANA: Mr. President, good evening.

PRESIDENT DUTERTE: Good evening, sir.

SEC. LORENZANA: Kung matandaan po ninyo noong nakaraang linggo ay napag-usapan 'yung kulang ng materials na pang --- pang-repair at saka pagkumpuni ng mga bahay ng mga nasalanta, at iminungkahi ko na kailangan natin ng portable sawmill.

So ako po'y nagtanong-tanong at napag-alaman ko na 'yung DENR ay mayroong pitong band saw na nakumpiska nila sa mga illegal loggers. Nandito po lahat 'yun sa Manila at kinukumpuni lang nila at pagkatapos niyan ay ipapahiram nila sa Armed Forces para madala po doon sa south. Mayroon din silang tatlong Wood-Mizer, ito po 'yung another kind of sawmill na puwede rin nilang ipahiram sa AFP para madala sa south.

Si Secretary Lapeña naman, Mr. President, 'yung mga tao niya ay nakapagkumpuni ng maliit na sawmill rin na pangputol lang ng mga kahoy gawa sa mga local materials. Ang sabi ko sa kanya ay kung puwede niyang i-costing 'yun para ibigay po sa akin.

Iyon pong malalaking --- 'yung mga mini sawmill na sinabi ko sa nauna, wala pong available dito sa atin ngayon, galing pa po sa labas at kailangan pang order-in. Iyon lang po, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: So gamitin ninyo, Del, 'yung lahat nang nakumpiska.

SEC. LORENZANA: Yes, sir. Yes, sir.

PRESIDENT DUTERTE: They are instruments of the crime forfeited by government, gamitin natin, mga illegal 'yan eh.

SEC. LORENZANA: Oo, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Sige. Tama 'yan. You made the correct decision. Nasa likod mo ako sa...

SEC. LORENZANA: Thank you, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: So the last presentation would be si Cabinet Secretary. You have something to say? Sige, you go ahead.

ACTING PRESIDENTIAL SPOKESPERSON AND CABINET SECRETARY KARLO

ALEXEI NOGRALES: Maayong gabii, Mr. President; ES Medialdea; Senator Bong Go; mga kauban nato sa Gabinete; fellow government workers, mga kababayan.

Ituloy ko lang, Mr. President, ang report natin sa taong-bayan sa mga accomplishments ng mga ahensiya sa ilalim ng Office of the President.

Isa po dito 'yung NHCP, ang National Historical Commission of the Philippines na mayroon pong mga tungkulin katulad ng commemoration ng significant historical events, declaration ng historically significant sites, structures, personages, pati restoration, conservation and protection ng country's historical objects, pati 'pag manage and maintain, and administer of the national shrines, monuments, historical sites and landmarks.

Mahalaga na ang bawat Pilipino siyempre ay may pagmamahal sa bansa. Ito ang --- ito ay napupukaw tuwing maaalala natin at ng dahil sa kaalaman po natin tungkol sa mahahalagang yugto sa ating kasaysayan, kabilang nito ang kabayanihan ng ating mga ninuno na naghangad ng kalayaan para sa bansa.

So isa sa mga isinusulong ng National Historical Commission of the Philippines, siyempre 'yung mga infrastructure projects katulad nitong restoration ng mga historical structures natin. Isang halimbawa 'yung conversion into a museum ng old provincial jail sa Sorsogon.

Kabilang din po dito 'yung restoration ng Bacon Church and Belfry sa Sorsogon City; ang rehabilitation ng Emilio Aguinaldo Shrine sa Kawit, Cavite; ang rehabilitation ng Pamintuan Mansion or Museo ng Kasaysayang Panlipunan ng Pilipinas sa Angeles City; and the restoration of 430 historical objects, kabilang na dito ang La Justitia Mural, ang Pigafetta, ang Magellan Memorial monuments; and the material characterization ng La Intendencia Building.

Speaking of the La Intendencia Building *[next slide]* sa Intramuros, ito po 'yung project ng NHCP in collaboration ng National Archives of the Philippines. Ang pag-restore nitong Intendencia Building ay later on gagamitin ng National Archives bilang central office nila at repository ng Spanish period collections.

Isa ring iconic landmark sa Maynila ay 'yung restoration ng Metropolitan Theater sa Ermita, Manila. Itong Metropolitan Theater, again, project ng NHCP in collaboration naman with the National Commission for Culture and the Arts or NCCA.

Completely restored na po ito, Mr. President. *[Next slide.]* After being closed down for 25 years, the Metropolitan Theater has been fully restored, renovated and reopened in October of last year. Ang pinakaunang major stage production was the: "Lapu-Lapu: Ang Datu ng Mactan", produced by the National Commission for Culture and the Arts and the NHCP, kabilang sa quincentennial celebration of Philippines and the year of the Filipino pre-colonial ancestors.

Nag-streaming po sila ng live nito, FB live, last October 24 last year, at kabilang na rin siguro dahil noong a-diyes ng Disyembre, kabilang na 'to ng anibersaryo 'no ng MET. Kasi noong a-diyes ng Disyembre, atin ding ginunita ang ika-90 anibersaryo ng MET. Ang okasyong ito ay lalo pang nabigyan ng kabuluhan sa muli nitong pagbubukas at pagtatampok ng pagtatanghal.

[Next slide.]

Last year, 2021, was also the year of Filipino pre-colonial ancestors by virtue of Proclamation No. 1128, Series of 2021 na inyo pong nilagdaan, Mr. President. And

as we commemorate this as the achievement of science and humankind in circumnavigating the planet for the first time. Ito po 'yung --- kabilang dito siyempre 'yung 500th Anniversary ng Victory of Lapu-Lapu in the Battle of Mactan last April 27, 2021.

At marami pa pong iba, under the 2021 Quincentennial Commemorations by virtue of Executive Order No. 103, Series of 2020 na inyo pong pinirmahan. Kabilang na rin ang Executive Orders No. 55 and 103 kaya nabuo 'yung National Quincentennial Committee led by the Quincentennial --- by the NHCP as the designated secretariat, at 'yung NHCP chairman as executive director to lead the Quincentennial Commemorations.

[Next slide.]

Other events noong 2021, of course, last Octo --- last August 30, 2021, in observance of National Heroes Day with a theme: "Kabayanihan ng Bawat Pilipino: Susi sa Tagumpay at Pagkamakatao". You were represented by Executive Secretary Salvador Medialdea sa flag raising, sa wreath laying din ng Tomb of the Unknown Soldier sa Libingan ng mga Bayani. Pero nagpadala po kayo ng virtual message, Mr. President.

Of course, we had several national events, many --- multiple local events and of course, milestone events last year, 2021, kabilang 'yung 150th Birth Anniversary of Epifanio de los Santos; the 500th Anniversary Celebration of the Victory of Mactan; the 200th Birth Anniversary of Jose Felipe Del-Pan; 150th Birth Anniversary ni Mamerto Natividad Jr.; the 50th Death Anniversary of Carlos P. Garcia; and the 75th Anniversary of the Inauguration of the Third Republic and the Philippine-American Diplomatic Relations.

We also kicked off the activities for the commemoration ng 150th Death Anniversary of GOMBURZA, which we will be commemorating this 2022.

[Next slide.]

August --- while August was History Month celebration, we also joined our Southeast Asian neighbors in celebrating the 54th Anniversary of the ASEAN or Association of Southeast Asian Nations.

[Next slide.]

And then, of course, patuloy 'yung marking ng mga historical sites, personages and events. For 2021, 39 were unveiled, among the notable 'yung Bantayog ng GOMBURZA, ang Simbahan ng Guiuan, ang Limasawa, ang mga historical sites, personages and events katulad nung kay Mactan, kay Lapu-Lapu, sa Panilongon, sa Simbahan ng Pulilan, ang Convention Constitutional 1971, Casa Real ng Lingayen,

Manuel Quezon, Plaza Miranda, Simbahan ng Loon, at kay General Francisco Makabulos, at marami pa pong iba.

[Next slide.]

The Commission also operates 27 historical sites all over the country as museums. Subalit dahil sa pandemya, bagama't sarado sa publiko ang karamihan ng mga museong ito, ay nag-u-upload online ang --- ng --- ang NHCP ng mga exhibits, nagso-sponsor ng mga webinars at online lectures. All in all, 120 public programs mostly nasa Facebook. And nagkaroon din ng celebration ng Museums and Galleries Month. "Showcasing the Nation, Shaping the Filipino Imagination" ang tema po nito.

[Next slide.]

And mayroon din pong mga history --- history publications na nakikita po natin dito. This --- these other books on history as well as books published on --- in line with the quincentennial celebration. And --- *[next slide]* --- last October, the Commission also celebrated its 88th Founding Anniversary, NHCP at 88 "Steadfast in History, Resilient in Challenges" ang naging tema po nila.

Right --- remain steadfast kasi ang NHCP in its mandate amid the challenges brought about by COVID-19 pandemic at siyempre resilient siya because it responds to the changing needs and expectations ng ating mga kababayan.

So from marking significant historical sites, to preserving and restoring sites, objects, to maintaining shrines and landmarks, commemorating events, publishing research work and approving seals and logos, patuloy ang pagserbisyo publiko ng NHCP sa gitna ng COVID-19. Ang ating pagtugon sa COVID-19, makakaasa po kayo na patuloy na magtatrabaho po ang NHCP.

Mayroon po silang maikling video to showcase the accomplishments ng inyong NHCP, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Alam mo while I was campaigning --- that would be so many years ago --- campaigning for the presidency, napunta ako sa isang lugar... I am not --- first of all, let me be very clear on this, I am not belittling Magellan because he has --- he has our respect, 'yung statue niya.

I do not mean to offend the sensitivities of some Cebuanos, I'm just also as a citizen of this country, expressing my --- my opinion. Noong nagkampanya ako for the presidency, I went to a place in Cebu and there was this statue of Magellan and Lapu-Lapu.

Nang tanungin ko si Bong, kasi kasama ko siya, *[Saan 'yun, Bong? Iyong magkatabi sila 'yung nasa likod...? Ah doon?]* *[Official: Sa park.]* Eh 'yung statue ni Magellan

mas malaki doon sa statue ni --- ni Lapu-Lapu. Sabi ko hindi ko naman ano sa mga Cebuano. I respect whoever --- whose opinion or decision was that.

But I am very --- uncomfortable ako to see a statue of Lapu-Lapu smaller than the statue of Magellan. Sabi ko --- buti't na lang nag-usap tayo nito --- sabi ko 'pag ako ang na-presidente, palitan ko. 'Di ba sinabi ko? Doon sa cro --- there was a crowd and I told them that if I make it to the presidency, I will see to it that the statue of Lapu-Lapu will be bigger than the statue of Magellan.

I mean no offense sa kay Magellan. I mean, he made the trip from somewhere in Spain tapos --- or Mexico, Mexico 'yan. Nagdating siya sa --- diyan in the shores of Limasawa, he was... They were trying to conquer the Philippines and which they did satisfactorily for many years. They were able to succeed.

But ito ngayon na generations sa --- so many generations after, eh tayong Pilipino, hindi ako komportable na ganoon ang sitwasyon. Paki-note mo nga diyan, Karlo. Let's --- somebody --- sa Historical Commission, you just tell them that sabi sa --- the President has requested you to go there and try to look at the situation. Without offending the inhabitants there or for that matter, the Cebuanos, of which I am, na tingnan doon ilang buwan na lang pero mabigyan natin ng stat --- sa estatwa ni Magellan --- ah ni Lapu-Lapu mas malaki or tabla kay Magellan. But it could not be --- it should always be mas malaki ang kay Lapu-Lapu.

Hindi naman malaki ang gastusin natin diyan, parang semento man lang 'yun yata. Pero hindi talaga ako komportable. Noong nakita ko, sabi ko doon --- there was a crowd in front of me, I was campaigning --- sabi ko, *"Look, I --- I do not like what I see."* Wala akong sabihin kay --- but ang hero ko is Lapu-Lapu not Magellan. Although, nirerespeto ko 'yung pagkatao niya even if he's dead. Bakit ganoon?

He was an intruder into our country then he fought with Magellan. Bilib naman ako kay Magellan, ayon si --- alam mo, 'yung for his feat ika ko nga, hindi 'yun --- of no means a walk in the park at that time mga barko. Pero it's high time to --- para sa akin, the visual of those statues hindi ako komportable.

Hindi naman ako galit. History 'yan. Wala --- wala ako, hindi naman ako galit sa taong gumawa niyan. But I think, ako ha as a Filipino, and Presidente ako ngayon and when I said that *"kung ma-presidente ako, ito ang gawain ko"*.

Gawain na lang natin tapos mag-ano tayo ng pera. Lakihan natin nang kaunti. Iyong mas malaki kay Magellan. Kasi hindi puwede 'yang pareho ang --- ang maliit ang national hero. Kaya ko nga ginawa 'yang si Lapu-Lapu ay it was during my time that I made him --- I include him in the rolls of our heroes of our country. I think he was the first one. It was the first hero, itong si Lapu-Lapu.

Kaya itong Marcelo H. Del Pilar, pumunta pa nga ako --- there was one time na Araw ng Kagitingan ba 'yun? I was not present at the Luneta. I went to the 'yung ano

mismo, 'yung where the day --- 'yung lugar nila, where they were born and fought the battle.

And there was also a time --- I think it was the second time, I went to Lanao del Sur where --- the place where they executed Jose Abad Santos. Doon, pumunta ako doon sa libing niya. Medyo may kaunting semento doon but maano --- nilinisan lang 'yun ng sundalo kasi alam nila pupunta ako. Iyong mga --- 'yung --- those are the, well, might not be a moral reinvigoration sa tao but doon ako pumunta. And the last one was, I think, the hero of Tirad Pass. He was an Ilocano, si... He was --- idol ko 'yun noong sa eskuwelahan pa tayo. Si --- wala na, matagal na kasi 'yung...

[Official: Gregorio del Pilar.]

PRESIDENT DUTERTE: Gregorio H. del Pilar, yeah correct. Siya 'yung nakikita... He was --- he is depicted --- he was depicted in a parang ano niya, nakasakay ng kabayo with a sword in his hand. That is my mental picture of Gregorio. He was depicted in that kind of ano niya. Sa mga libro, 'yun ang... Gusto ko sana na puntahan ang iba but --- pero pumunta talaga ako kay Jose Abad Santos because... Iyong iba naman, Marcelo H. del Pilar, si Jose, Gregorio...

Si Gregorio died in a battle. But itong a helpless Filipino who refused to pledge allegiance to the Japanese and he was brought to in a place in Lanao del Sur. Talagang lumipad ako, then traveled at nag-heli --- nag-chopper ako. Maano 'yung lugar, Malabang, yeah. Buti pa itong pulis dito. *[Maganda ang pagka-training mo, hija.]*

It was the place where he was made to kneel down tapos ang --- umiiyak 'yung anak niya. Sabi daw niya, "*Pa, ano ba naman 'yan? Tatal, pagkatapos, matapos mag-giyera nito, wala mang ano 'yan, walang kahulugan. Bakit ayaw mong sumuko na lang?*" At ang sabi niya sa anak niya, according to the books that I have read, "*Son, do not grieve my death because not every Filipino is given a chance to die for his country.*"

Kaya... I do not know what year was that, my third year or fourth. Araw ng Kagitingan, wala ako doon. Pumunta ako doon sa where he --- the place where he was executed. Pumunta ako sa libing niya --- libingan niya, hindi libing. Libingan niya. Iyon ang...

So we have little time left to make the correct decisions, the things that we have to do to correct everything. Iyong headgear niya, is the headgear of a tribe na ano mga Moro, Tausug sa Jolo. Iyon ang headgear ni Lapu-Lapu, 'yun din ang headgear ni...

SEC. NOGRALES: Mr. President, noong ano, Quincentennial celebration po, nag-unveil na tayo nung statue ni Lapu-Lapu. Ang nag-represent po sa inyo that time, sir, was si ES Medialdea, ako, at si Senator Bong Go. Nagpunta kami doon para ---

PRESIDENT DUTERTE: Where was that?

SEC. NOGRALES: Sa Lapu-Lapu, sir. Part of the Quincentennial po ---

PRESIDENT DUTERTE: Ah malaki?

SEC. NOGRALES: --- 'yung statue, mas malaki na po.

EXECUTIVE SECRETARY SALVADOR MEDIALDEA: May malaking statue ho doon na pinagawa ang City of Lapu-Lapu for the 500th Anniversary nung ano.

PRESIDENT DUTERTE: Eh ang problema itong dito sa dalawang statue. Bakit sinabay nila diyan sa isang lugar? Parang park or I don't know or whatever. I said I do not have any qualms against Lapu-Lapu --- ah si Magellan. Wala akong ano, we even celebrate events in those times that nandiyan si Magellan. Okay man, wala akong problema.

But, I said, as a matter of principle, I do not want na 'yung ating national hero number one who fought the invaders, Magellan, whose statue now is higher than the statue of Lapu-Lapu.

The thing is I want Lapu-Lapu bigger and higher than Magellan kasi nga, una, hero. Lumaban siya at pinatay niya. Well, talking about things about killing, it does not really matter now. But what matters is the reverence that we should be giving to a... Kagaya ng --- ako, taga-Danao ang tatay ko, Cebu. Ito 'yung grandfather ni itong si Nograles, Cebuano --- ah grandmother, si... So 'yun ang ano. Kung --- wala na bang iba? Iyong...

OFFICIAL: *[off-mic]*

PRESIDENT DUTERTE: Pahabol mo? O sige. Pero tawagan mo 'yung Historical Commission. Gusto ko maski hindi maano matapos, maumpisahan lang. Ma-reserve --- we can reserve a specific sum for the purpose of giving our national hero a higher --- well, lahat. Higher katapangan, a higher ---

SEC. MEDIALDEA: Mr. ---

PRESIDENT DUTERTE: Yes?

SEC. MEDIALDEA: Mr. President, we are on top --- ah we are on track with respect to that. As a matter of fact, one of the most popular award right now is the Lapu-Lapu award po given sa war heroes, sa mga wounded-in-actions, and we have given a lot during your administration po.

PRESIDENT DUTERTE: You know, baka... Bong, makakaya pa natin mag-ano? Baka ---

SEC. MEDIALDEA: Ano po type ninyo na magandang...?

PRESIDENT DUTERTE: I said semento unless you want a bronze, but that would not ano na. Malakihan mo lang 'yung --- mas malaki kay Lapu-Lapu.

SEC. MEDIALDEA: Yes, Mr. Mayor.

PRESIDENT DUTERTE: The...

SEC. NOGRALES: May --- 'yung video siguro ng ano, ng National Historical kung puwede ma-play. Thank you.

[plays video]

--- END ---